## INTERNATIONAL NAPASA (January 13th 2026)

### 1) SPORTS LESSON SA BANYU FUREAI PARK

馬入ふれあい公園でのスポーツ教室のおしらせ

Sa January 18 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SPORTS LESSON*** sa Banyu Fureai Park. Mula 9:00 hanggang 10:30 ng umaga ay magkakaroon ng ***RHYTHM DANCE LESSON*** sa Hiratsuka Sunlife Arina. Ang mga maaaring makalahok ay 20 mga batang hanggang grade III. Dito ay kinakailangan ang indoor sports shoes. At mula 10:30 ng umaga hangang 12:00 ay magkakaroon ng ***WALKING LESSON PARA SA KALUSUGAN.*** Dito ay makakalahok ang 50 taong may edad na 50 pataas. Para sa mga taong gustong makilahok ay makikita ang mga kondisyon sa pag-aapply sa Web site ng ***Banyu Fureai Park***.

### 2) PAGPAPAALAM UKOL SA LEKTURA PARA SA KALUSUGAN

健康講座のお知らせ

Sa January 31 (Saturday), ay magkakaroon ng pagpapaliwanag ukol sa ***KANSER SA BAGA AT RESPIRATORY SYSTEM*** mula 2:00 ng hapon hanggang 4:00. Ang lugar ay sa Health Center sa Higashi Toyoda. Makakalahok dito ang naunang 80 katao. Para sa pagre-rehistro ay tumawag sa Hiratsuka City ***MEDICAL ASSOCIATION (ISHI KAI).*** Telephone No. **0463-52-0355 ( 0463-52-0355 )**.

### 3) IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa Januray 21 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay may duo na magsasagawa ng ***Piano at Ocarina Concert*** na pinamagatang ***"Oto to hana"*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay magtatanghal ang Cool Spring na pinamagatang ***"Para sa isang magandang kinabukasant".*** Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 naunang taong dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

### 4) PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Ang lugar na bagsakan ng mga paninda na palagiang ginaganap na ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** ay tuwing ika-4 na linggo ay magsasara kung kaya't ang operasyon ay pansamantalang mahihinto. Kung naitalaga na ang bagong lugar na pagdarausan ay aming ipapaalam sa Home Page ng lungsod. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng

Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** .

### 5)INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALIWANAG SA PAGPASOK SA

小学校の入学説明会のお知らせ

Mula January 13 (Thursday) hanggang February 9 ay magkakaroon ng pagpapaliwanag sa bawat paaralan sa mga magulang ng mga batang papasok ng Elementarya ngayong taon ng Abril. At dito ay hindi na kinakailangang pang magpareserba sa pagdalo sa pagtitipon na ito.

Para sa iba pang mg detalye ukol sa pagpapaliwanag sa bawat paaralan, petsa at oras ay makipag-ugnayan sa Board of Education Section. ***BOARD OF EDUCATION SECTION (KYOUIKU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-35-8118 (0463-35-8118).**

### 6)INPORMASYON UKOL SA DISASTERS MESSAGE BOARD SERVICE NA WEB 171

災害用伝言板サービス web171 のお知らせ

Kapag hindi makatawag sa telepono dulot ng lindol, pagsabog ng bulkan at iba pa ay gumamit ng internet para makapag-iwan ng mensahe at mapakinggan ng iba ang inyong iniwang mensahe. Ito ay serbisyo na maaari ninyong mapakinggan. Para makapag-iwan ng mensahe ay kumontak sa ***WEB 171*** at irehistro ang inyong pangalan, numero ng telepnono at mensahe. OK din gamitin ang telephone number ng inyong mobile phone. At kapag pinakinggan ng iba ang inyong iniwang mensahe ay parehong kumontak sa ***WEB 171*** at ilagay ang numero ng teleponong ipinarehistro at maaari nang mapakinggan ang mensahe. Para sa mas detalyadong paraan ng paggamit ay makikita sa ***WEB 171.***